**ABSTRAK**

Pamagat ng Riserts: Ang Pampagtuturong Programa ng Filipino sa De La Salle University-Dasmarinas: Isang Evalwasyon Tungo sa Isang Modelong Pagtuturo ng Disiplinang Filipino

May-akda: Marcial Reyes Verocel

Digri: Doktor ng Edukasyon

Medjor: Pamamahalang Pang-edukasyon

Petsa kung kailan natapos: Febrero, 2006

Ang pag-aaral na ito ay isang evalwasyon ng Pampagtuturong Programa ng Filipino (PPF) para sa mga mag-aaral na nasa pitong kolehiyo ng De La Salle University-Dasmarinas (DLSU-D) ng taong panuruan 2004-2005. Nakabatay ang pag-aaral na ito sa konsepto ni Stufflebeam na modelong Konteksto, Input, Proseso, at Produkto (CIPP). Sa evalwasyon ng Konteksto, isinaalang-alang at sinuri ang misyon-visyon, tunguhin at layunin ng DLSU-D sa ilalim ng PPF. Sinuri din ang pangangailangan ng pampagtuturong programa. Nakafokus naman ang evalwasyon ng Input sa mga resorses na tao tulad ng mga administrador, guro at mga mag-aaral at sa mga materyal na resorses tulad ng kurikulum, fasilidad, infrastraktura at kagamitang pampagtuturo. Sinuri naman sa evalwasyon ng Proseso ang pamamaraan at istratehiyang ginamit sa programa. Sa evalwasyon ng

Produkto, tinukoy ang natamong pangkalahatang performans reyting ng mga guro at mag-aaral, gayundin ang natamong kaalaman at kasanayan ng mga respondent na mag-aaral sa PPF. Ginamit ng pag-aaral na ito ang pamamaraang deskriptiv na sinuportahan ng pag-aanalayz sa mga dokumento at mga panayam.

Ang pinakamalaking bahagi ng mga datos ay nagmula sa 860 na respondent na mag-aaral mula sa pitong kolehiyo ng DLSU-D, 20 mga guro at 7 mga administrador. Ang ibang mga datos ay nakalap mula sa nakahandang mga dokumento mula sa iba't ibang tanggapan ng pamantasan.

Ang mga sumusunod ang kinalabasan ng pag-aaral: Ang napapaloob sa kurikulum ng "Sining ng Komunikasyon" ay tuwirang pagsasanay sa larangan ng pagsulat, pagbasa, pakikinig at pagsasalita; ang napapaloob sa kurikulum ng "Pagbasa at Pagsulat sa Iba't Ibang Disiplina" ay paglinang ng mga kasanayan sa pagsulat ng sulating pananaliksik at kritikal na pag-unawa; ang napapaloob sa kurikulum ng "Retorika" ay nagpapatalas ng kakayahan ng mga mag-aaral na maging maingat at kahanga-hanga sa kanilang pagsasalita.; mga efektivong mga kagamitang pampagtuturo , pamamaraan at istratehiya ang ginamit ng mga nakararaming guro sa kanilang pagtuturo ng Filipino; ngunit may mga guro pa rin na gumagamit ng tradisyunal na pamamaraan at istratehiya; pangunahing suliranin ng mga respondent na guro ang kakulangan ng pondo sa panlabas na seminar at sobra-sobrang

bilang ng mga mag-aaral sa klase; para sa mga respondent na mag-aaral naman ay sobra-sobrang bilang ng mga mag-aaral sa klase at masyadong maraming pangangailangan upang maipasa ang sabjek; kalakasan ang pagtatalaga ng mga gurong dalubhasa sa sabjek na itinuturo para sa respondent na guro at may kakayahang mga guro naman para sa mga respondent na mag-aaral; mataas ang natamong performans reyting ng mga respondent na mag-aaral; at batay sa kinalabasan ng pag-aaral, iminumungkahi ang modelong "Pagtuturong Angkor sa Kontent (PAK)" na pumofokus sa kooperatibong pagkatuto at paggamit ng mga grafik organayzer.

Ang mga sumusunod ang kongklusyon ng pag-aaral: Nagbibigay ng mayamang kaalaman at humahasa sa kasanayan ng mga mag-aaral ang kurikulum ng Filipino 101, 123 at 124; gumamit ng mga akmang kagamitang pampagtuturo at naisakatuparan ng mga nakararaming guro ang paggamit ng mga nakagaganyak at nakalilinang na pamamaraan at istratehiya sa pagtututuro; at may sariling kalakasan at kahinaan sa implimentasyon ng programa.

Bilang rekomendasyon, hinihikayat ang mga guro na gumawa ng iba pang efektivong modelo ng pagtuturo ng wika na makatutulong lalo na sa pag-unlad ng pagtuturo at pagkatuto, gayundin ang pagbuo ng *evaluation team* para sa malawakan at regular na evalwasyon ng mga pampagtuturong programa.